


# ADA/504 Pampublikong Paunawa sa Kawalan ng Diskriminasyon

## *Paunawa ng Kawalan ng Diskriminasyon sa Basehan ng Kapansanan sa Ilalim ng Americans With Disabilities Act Of 1990 (Batas ng Mga Amerikanong May Kapanansan ng taong 1990) at Seksyon 504 ng Rehabilitation Act Of 1973 (Batas para Rehabilitasyon ng taong 1973)*

Iniaatas ng Title II ng Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan) at Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas para sa Rehabilitasyon) na hindi mandidiskrimina ang DCYF laban sa mga kwalipikadong indibidwal na may mga kapansanan sa mga programa, serbisyo, o aktibidad nito.

### Mabisang Pakikipagkomuikasyon

Ang DCYF, kapag hiniling, ay magbibigay ng mga naaangkop na tulong at serbisyo upang matiyak ang mabisang pakikipagkomunikasyon sa mga kwalipikadong tao na may mga kapansanan upang patas silang makalahok sa mga programa, serbisyo, at mga aktibidad ng DCYF. Maaaring kabilang sa mga tulong at serbisyong ito ang mga kwalipikadong sign language interpreter, mga dokumento sa Braille, at iba pang paraan upang gawing naa-access ang impormasyon at mga komunikasyon sa mga taong may mga kapansanan sa pagsasalita, pandinig, o paningin.

### Mga Pagbabago sa mga Patakaran at Pamamaraan

Ang DCYF ay gagawa ng mga makatuwirang pagbabago sa mga patakaran at programa para matiyak na ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay magkakaroon ng patas na pagkakataon para lumahok sa lahat ng programa, serbisyo, at aktibidad ng DCYF. Halimbawa, malugod na papasukin sa mga tanggapan ng Estado ang mga indibidwal na may mga gabay na hayop, kahit na sa mga lugar na pangkalahatang ipinagbabawal ang mga hayop.

### Paghiling ng Tulong o Serbisyo para Matiyak ang Mabisang Pakikipagkomunikasyon o Pagbabago sa mga Patakaran

Dapat abisuhan ng sinumang nangangailangan ng tulong o serbisyo para sa mabisang pakikipagkomunikasyon o pagbabago sa mga patakaran o pamamaraan para makalahok sa programa, serbisyo, o aktibidad ng DCYF ang isa sa mga miyembro ng kawani sa ibaba sa lalong madaling panahon, kung maaari, 48 oras bago ang nakaiskedyul na event:

1. Isang empleyado ng DCYF, o
2. ADA Coordinator ng DCYF
   **dcyf.adaaccessibility@dcyf.wa.gov**
   Telepono: (360) 480-7230, para sa mga user ng relay, i-dial ang 7-1-1

Hindi iniaatas ng ADA sa DCYF na magsagawa ng anumang aksyon na pangunahing magpapabago sa katangian ng mga programa o serbisyo nito, o nagtatakda ng hindi nararapat na pinansyal o administratibong responsibilidad.

## Mga Reklamo

Ang mga reklamong hindi naa-access ng mga taong may mga kapansanan ang mga programa, serbisyo, o aktibidad ng DCYF ay dapat matanggap ng DCYF sa loob ng isang taon mula sa sinasabi mong pagkakataong nagresulta sa hindi patas na pakikitungo dala ng kapansanan, at dapat idirekta sa:

Programa ng Accessibility ng ADA ng DCYF
Department of Children, Youth, and Families
(Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya)
1500 Jefferson St., SE
Olympia, WA 98501
**dcyf.adaaccessibility@dcyf.wa.gov**
Telepono: (360) 480-7230
Washington Relay: 711 o 1-800-833-6384

Ang Estado ng Washington ay hindi mag-aatas ng bayad mula sa sinumang may kapansanan o anumang grupo ng mga indibidwal na may mga kapansanan para saklawin ang gastos sa pagbibigay ng anumang tulong o serbisyo o makatuwirang patakaran o pagbabago sa pagsasanay.

Bagama't ang DCYF ay may panloob na patakaran sa karaingan ng ADA, pinapayagan pa rin ng patakarang ito ang isang indibidwal na may kapansanan na magsampa ng reklamo ng diskriminasyon sa kapansanan sa US Department of Justice's Civil Rights Division (Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hustisya ng US) para sa mga paglabag sa Title II ng ADA, sa mga paglabag sa Seksyon 504 ng U.S. Department of Health at Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.), o sa Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington.

### Department of Justice (Kagawaran ng Hustisya, DOJ) ng US, Dibisyon ng mga Karapatang Sibil

**https://civilrights.justice.gov**

Makipag-ugnayan sa Department Of Justice (Kagawaran ng Hustisya) para Mag-ulat ng Paglabag sa mga Karapatang Sibil online:
**https://civilrights.justice.gov/report**

Para magsumite ng Reklamo sa ADA sa pamamagitan ng mail, i-i-download ang
Form ng Pagrereklamo ng ADA:
**www.ada.gov/t2cmpfrm.html**

Ipadala ang nakumpletong form sa:

US DOJ – Dibisyon ng mga Karapatang Sibil
950 Pennsylvania Ave, NW
4CON, 9th Floor
Washington, DC 20530

### Department of Health & Human Service (Kagawaran ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) ng US, Tanggapan ng mga Karapatang Sibil

Mga Tagubilin sa pagsusumite ng Reklamo sa mga Karapatang Sibil:
**www.hhs.gov/civil-rights/filing-a-complaint/complaint-process/index.html**

Online Portal ng Pagrereklamo sa HHS - OCR:
**https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf**

Para magsampa ng Reklamo sa Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas sa Rehabilitasyon) sa pamamagitan ng mail, i-download ang form ng Civil Rights Discrimination form (form ng Diskriminasyon ng mga Karapatang Sibil):
**www.hhs.gov/sites/default/files/ocr-60-day-frn-cr-crf-complaint-forms-508r-11302022.pdf**

Ipadala ang nakumpletong form sa:

Centralized na Pagpapatakbo sa Pamamahala ng Kaso
U.S. HHS – 200 Independence Ave., S.W.
Room 509F HHH Bldg.
Washington DC 20201

### Washington State Human Rights Commission (Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington, WSHRC)

**www.hum.wa.gov**

Para magsampa ng Reklamo ng Diskriminasyon sa Kapansanan na nauugnay sa Pampublikong Akomodasyon sa pamamagitan ng mail, i-download ang form para sa pagrereklamo ng Pampublikong Akomodasyon:
**www.hum.wa.gov/file-complaint**

Ipadala ang nakumpletong form sa:

WSHRC – Olympia Headquarters
711 S. Capitol Way, Suite 402
PO Box 42490
Olympia, WA 98504

---

*Ang DCYF ay hindi nandidiskrimina at nagbibigay ito ng pantay na access sa mga programa at serbisyo nito para sa lahat ng tao kahit anong lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, katayuan sa pag-aasawa, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon, edad, sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlang kasarian, katayuang beterano o militar, katayuan bilang inang nagpapasuso, at pagkakaroon ng anumang pisikal, pandama at pangkaisipan na kapansanan, o nakakakilos sa tulong ng gabay na aso o hayop na serbisyo. Kung nais mong magkaroon ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Pakikipag-ugnayan sa Sangay ng DCYF sa 1-800-723-4831 o mag-email sa **communications@dcyf.wa.gov**.*